Buong Teksto

ANG UNANG UNGGOY

Ang kwento natin ngayon ay pinamagatang "Ang Unang Unggoy" mula sa Philippine Popular Tales ni Dean Fansler, na isinalin mula sa Ingles ni Melvin A. Apo at babasahin ni Sumita V. Telan

Noong unang panahon, sa isang masukal na kagubatan, may isang batang babaeng nasa pangangalaga ng diyosa ng paghahabi. Lumaki ang batang babaeng masaya at walang pag-aalala sa buhay dahil lahat ng kanyang ninanais ay ipinagkakaloob sa kanya ng kanyang tagapag-alaga.

Isang araw, inutusan ng diyosa ang batang babae: "Kunin mo ang kapok na ito, linisin mo, at gawan ng magandang damit ang iyong sarili."

Dahil walang alam ang batang babae sa paghahabi't pananahi, sumagot siya: "Kapag nalinis na po ba ang kapok, maaari na po ba itong gamitin?"

"Hindi," sagot ng diyosa sa batang babae. "Pagkatapos mo itong llinisin, kailangan mo itong palu-paluin ng yantok sa ibabaw ng malapad na piraso ng balat."

"Pero pagkatapos po itong palu-paluin, maaari na po ba itong gamitin?" tanong ng tamad na batang babae.

Sumagot ang diyosang hindi pa, dahil kailangan pa itong gawing sinulid.

"Pero pagkatapos po itong maging sinulid," tanong ng makulit na batang babae, "maaari na po ba itong gamitin?"

"Hindi pa. Kailangan itong habihin, tabasin, at tahiin," sagot ng mapagtimping diyosa.

"Ay!" sigaw ng batang babae, "aabutin ako ng mahabang panahon at pagpapawisan ako nang matindi sa paggawa ng damit sa ganyang paraan! Puwede nang damit itong pirasong balat na pagpapaluan 'kan'yo ng bulak. matibay pa!" At ibinalabal ng batang babae ang balat sa kanyang katawan.

Galit na galit ang diyosa sa katamaran ng batang babae kaya isinumpa niyang maging permanenteng balat ng batang babae ang balat na ibinalabal nito sa sariling katawan. Pagkatapos, kinuha niya ang patpat na pamalo ng kapok at itinusok ito sa may puwitan ng bata, saka sinabing: "Magiging permanteng bahagi na ng iyong katawan ang patpat na iyan. Gagamitin mo iyan para umakyat sa kung saan-saan! At bilang parusa para sa iyong katamaran, maninirahan ka mula ngayon sa mga puno sa kagubatan, at doon mo hahanapin ang iyong kakainin!"

Ito ang pinagmulan ng unang unggoy na may balabal na balat at mahabang buntot.

***

Source: Dean S. Fansler, Filipino Popular Tales. Lancaster, PA. and New York: American Folklore Society and G. E. Stechert and Co., 1921. Available from Project Gutenberg

Mga Kasalukuyang Kwento sa Serye

In English

The Monkey and the Turtle
Sun and Moon
Sagacious Marcela
The Story of our Fingers
Why the Cow's Skin is Loose on the Neck
The Lost Necklace

In Filipino

Ang Pagong at ang Matsing
Ang mga Paglalakbay ni Juan
Ang Pinagmulan ng Daigdig (Si Malakas at si Maganda)
Ang Unang Unggoy
Ang Alamat ng Palay
Ang Pinagmulan ng Lamok
Kung Paano Yumaman si Jackyo

Abangan ang iba pang kwento sa seryeng podcast na ito.

PAGKILALA

Areté

Ma. Mercedes Rodrigo Ricardo Abad	*Executive Producers*
D Cortezano	*Producer*
John Robert Yam	*Overall Sound Designer*
Harold André Santos	*Theme Music Composer*
Duane Ligot	*Episode Sound Designer*
John Robert Yam Nilo Beriarmente	*Sound Engineers*
Ivy Baggao	*Talent Coordinator and Production Associate*
Jethro Nibaten Adriane Ungriano Justine Ray Santos Rey Sotto Ralph Joseph Adarlo Carlos Hombrebueno	*Sound Design and Technical Team*
Arielle Acosta Vannessa Reventar	*Logistical Support*
Ross Du	*Illustrator*
Arielle Acosta Lazir Caluya	*Brand Developers*
Dreamlist Digital	*Web developers*

Ateneo de Manila Basic Education / Ateneo Junior High School

Jose Antonio P. Salvador	*Principal*
Genalyn S. Sanvictores	*Assistant Principal for Academic Affairs*
Paolo Ven B. Paculan	*Senior Teacher, Subject Area Coordinator, Filipino*

Kristine Ann P. Valdellon	*Master Teacher, Subject Area Coordinator, English*
Melvin A. Apo	*Assistant Teacher, Filipino Subject*
Sumita V. Telan	*Regular Teacher, Filipino Subject*

Additional Music Credits

Aztec Music- Sacred Jungle, *Phantawalker - Composer*
Harp Background Instrumental | Royalty Free Music, *Lion Free Music*
Patronus Effect, *Mariano Vega*
Jungle Sound Effect, *iWav*
Sound of thunder and lightning - Sound Effects, *Classical and Relax*